# Cervical na kanser



## Ano ang cervical na kanser?

Ang cervical na kanser ay isang kanser na nabubuo sa mga tissue (mga selula) ng sipit-sipitan. Ang sipit-sipitan ang organo na nagkokonekta sa matris at ari ng babae. Maaaring mayroon kang cervical na kanser at hindi alam ito.

## Paano ka masusuri para sa cervical na kanser?

Isang **pagsuring Pap** ang makakahanap ng mga selulang hindi malusog sa sipit-sipitan na maaaring maging kanser. Maaaring mahanap ng pagsuring Pap ang cervical na kanser nang maaga, sa panahong mas madali itong gamutin.

Isang **pagsuri sa Human Papillomavirus (HPV)** ang sisiyasat sa virus ng HPV na maaaring maging sanhi sa pagbabago ng mga selula sa sipit-sipitan. Maaari rin itong magbigay na higit pang impormasyon kapag hindi malinaw ang mga resulta ng pagsuring Pap.

## Ano ang co-testing?

Ang co-testing ay kapag gumamit ka ng parehong pagsuring Pap at pagsuri sa HPV para mag-screen sa cervical na kanser.

## Gaano kadalas ka dapat magpasuri para sa cervical na kanser?

Dapat sumailalim ang mga kababaihang 21 hanggang 65 taong gulang sa pagsuring Pap kada 3 taon.

Dapat sumailalim ang mga kababaihang 30 hanggang 65 taong gulang sa co-testing kada 5 taon o sumailalim sa pagsuring Pap kada 3 taon.

Mahalaga: Dapat kang magpatuloy na magpasuri para sa cervical na kanser kahit na nakatanggap ka ng bakuna sa HPV. Kung mayroon kang mga abnormal na resulta o ibang kadahilanan ng panganib, baka kailangan mong magpasuri nang mas madalas.

## Ano ang magpapataas sa panganib mo sa cervical na kanser?

- Hindi ka kailanman sumailalim sa pagsuring Pap o hindi bababa sa tatlong taon na ang lumipas mula noong huling pagsuri mo.

- Nagkaroon ka ng pagsuring Pap na hindi normal.
- Naninigarilyo ka.
- Mayroon kang mahinang sistema ng imyunidad.
- Nahawahan ka ng Human Papillomavirus (HPV).
- Nagkaroon ng impeksyon sa chlamydia.
- Mayroon kang diyeta na mababa sa mga prutas at gulay.
- Nagsimula kang makipagtalik sa murang edad.
- Sobra ang timbang o labis ang katabaan mo.
- Nagkaroon ka ng maraming pagdadalang-tao sa buong siyam na buwan.
- Gumamit ang iyong ina ng hormone na gamot, DES (diethylstilbestrol), habang ipinagbubuntis ka.
- Mayroon kasaysayan ang pamilya mo ng cervical na kanser.



**Ang pagsuring Pap** ang pinakamahusay na paraan para matuklasan nang maaga ang cervical na kanser. Makipag-usap sa tagapagkaloob mo ngayong araw tungkol sa kung kailan at kung gaano kadalas na dapat kang sumailalim sa pagsuring Pap.

## Mayroon ka bang mga tanong?

Tawagan ang aming 24-oras na Linya ng Pagpapayo ng Nars. Narito kami para tulungan ka.

Ingles: **(888) 275-8750**
Español: **(866) 648-3537 (TTY/TDD: 711)**

Ipinamamahagi ng Molina Healthcare. Para lamang sa impormasyon ang lahat ng materyal sa polyeto na ito. Hindi nito pinapalitan ang payo ng tagapagkaloob mo.

Para makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga wika at madaling ma-access na mga format, pakitawagan ang mga Serbisyo para sa Miyembro. Nasa likod ng ID card ng Miyembro ang numerong ito.

32353FLYMDCAEN
240319

MOLINA HEALTHCARE